Filipino

Gumawa ng mga Oportunidad upang Makipagkomunika ang Iyong Anak
Create Opportunities for Your Child to Communicate

Ang mga bata ay mas malamang na makipagkomunika kung may **dahilan** sila upang magkomunika. Maaari kang gumawa ng **mga oportunidad** kapag inudyok mo siyang magkomunika. Ang mahalaga ay dapat kang maghintay para sabihin o ipakita ng iyong anak sa iyo kung ano ang gusto niya. Pagkatapos, kapag tumugon ka na, matututunan ng iyong anak na gumagana ang komunikasyon!

Paano Ka Maaaring Gumawa ng mga Oportunidad?

- Magbukas ng garapon ng panggawa ng mga bula o bubbles at hipan ang mga bula. Pagkatapos ay huminto.

  Hintayin ang iyong anak na magkomunika na gusto pa niya nito.

- Magbigay ng pang-merienda sa maliliit na portion. Bigyan ang iyong anak ng isang piraso, at huwag ibigay ang iba.

  Hintayin ang iyong anak na magkomunika na gusto pa niya nito.

- Ilagay ang paboritong laruan ng iyong anak sa counter na hindi niya maaabot o sa isang malinaw na lalagyan na hindi niya mabubuksan.

  Hintayin ang iyong anak na magkomunika na gusto niyang makuha ang laruan.



Laura Strickland/MyCuteGraphics.com

Laura Strickland/MyCuteGraphics.com

- Itago ang ilang mga piraso ng isang laruan (halimbawa, mga riles ng tren o mga piraso ng puzzle). Ibigay sa iyong anak ang isang piraso, at huwag ibigay ang iba.

  Hintayin ang iyong anak na magkomunika na gusto niya ng isang piraso.

- Gumawa ng isang bagay na hindi inaasahan. Isuot ang isang sapatos ng iyong anak at kalimutang isuot ang kabilang sapatos. Ilagay ang pantalon ng iyong anak sa kanyang ulo.

  Hintayin ang reakson ng iyong anak.

- Kapag naglalaro kayo, biglang itigil ang paglalaro. Halimbawa, kilitiin ang iyong anak at pagkatapos ay tumigil bigla. Itulak ang iyong anak sa isang swing at pagkatapos ay tumigil bigla.

  Hintayin ang iyong anak na magkomunika na gusto niyang ipagpatuloy mo ito.

Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa iyo ng iyong healthcare provider.

Catalogue #265769 (February 2018) Filipino
To order: patienteduc.fraserhealth.ca

Mga Dapat Tandaan

- Tandaan ang level ng komunikasyon ng iyong anak.

  Ang batang hindi pa nagsasalita ay maaaring magkomunika gamit ang mga kilos (nagtututuro, inaabot ang isang bagay), o nag-iiingay (umuungol, "ahhh").

  Ang batang nagsisimulang magsalita ay maaaring makipagkomunika gamit ang mga simpleng salita ("mansanas", "tren"), at mga prase ("suot sapatos", "kiliti pa").

- Tumugon nang maganda kapag nagsikap talaga ang iyong anak na makipagkomunika.

- OK lang na <u>imodel</u> ang salitang nais mong ulitin ng iyong anak. Pero <u>maghintay</u> – bigyan ang iyong anak ng panahon upang subukan niyang sabihin din ito.
- Maaari mong imodel ang salita nang ilang beses. Maaaring kailangang marinig ng iyong anak ang salita nang mahigit sa isang beses bago niya simulan itong sabihin.
- *Gusto* mong hikayatin ang iyong anak, pero *ayaw* mong ma-frustrate o mainis siya.
- Piliin ang mga aktibidad na gusto ng iyong anak. Mas malamang na makikipagkomunika siya kung siya'y nasisiyahan sa kanyang ginagawa. Kung hindi siya interesado, maghanap ng ibang magagawa!
- Maaari kang gumawa ng maraming mga oportunidad gaya nito araw-araw. Tandaan na kailangan ng iyong anak ng pag-ulit at pagpraktis!

Para sa karagdagang impormasyon
Kontakin ang iyong Speech-Language Pathologist o ang iyong local Public Health Unit

Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa iyo ng iyong healthcare provider.
Catalogue #265769 (February 2018) Filipino
To order: patienteduc.fraserhealth.ca